# T I N I G

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

101 E. MENDOZA STREET, BUTING, PASIG CITY | VOLUME 4 ISSUE 1 |




## PARISH CHRISTMAS TELESERYE AT STATION I.D. INILUNSAD

By: Rowell Anne Santos









Dalawa ang malalaking proyekto ang ipinagkatiwala sa Media and Public Affairs Ministry nitong Kapaskuhan 2016: Ang paggawa ng isang **CHRISTMAS TELESERYE** at ng isang **CHRISTMAS STATION ID**. Hindi man naging maganda ang simula, nagawang matapos nang maayos at matagumpay ang parehong proyekto. Saan ka nakakita o nakarinig na ang isang 9-day teleserye ay nai-shoot lamang sa loob ng 3 araw? HA HA HA! Dito lamang yan sa San Guillermo Parish! Tumugon sa aming mga pangangailangan ang mga taong buong puso at walang sawang sumuporta sa aming proyekto. Hindi kami nagutom sa bawat araw ng shooting, editing, brainstorming, script writing at iba pang gawain kaakibat ng aming mga gawain. Lahat ng aming hingan ng tulong sa pagkain at iba pa ay inisponsor ng mga taga-parokyang may mabubuting puso. Napakagandang pagkakataon din ito para mailabas naming lahat ang kanya-kanyang talento. Naging trabahong all-around, extra, main character, taga-hawak ng 'idiot board', at iba pa. Napakapalad natin na sumang-ayon sina Bro. Bong Aleligay bilang Tatay, Sis. Eppie Sanchez bilang Nanay, Sis. Izy Molano bilang Ate at Si Bro. Allan Canotal bilang si Bunso. Malaking pasasalamat din ang aming ipinaabot sa bawat gumanap ng 'extra' na talaga namang nakadagdag sa ikagaganda ng palabas. Ang lahat ng mapadaan sa mga shooting ng scenes ay nangingiti. Ang experience na ito ay hindi lamang nagbuklod sa mga lingkod ni San Guillermo, kundi ito rin ang nagbukas sa aming mga isipan na, "**KAYA PALA NATIN**!"

**PARISH CHRISTMAS PARTY** Ang SGP Parish Christmas Party ay naganap noong ika-29 ng Disyembre, 2015. Ibang-iba ito sa mga nakagisnang pagtitipon sapagkat ang mga nag-gagandahan at nag-gagwapuhang taga-parokya ay nagpunta sa Marigold Kimberly Pavilion upang doon magsaya. Sinimulan ng isang dasal na pinangunahan ni Sis. Irma Cuaresma sinundan ito ng ilang palaro na talaga namang nakabuhay ng dugo! Isa na rito ang "Ubusan ng Kanta". Bawat mesa ay kinonsiderang isang grupo, kung saan ang bawat grupo ay kakanta ng ilang linya ng isang Christmas song. Ang thrill dito ay bawal maulit ang anumang kanta. Pagkatapos, ay isa pang laro nangyari. Ito naman ang Putukan ng Lobo. Kailangan lang na hindi pumutok ang lobong nakatali sa paa ng naglalaro. Nagkaroon din ng Bring Me, at ng Pasahan ng Bola. Siyempre, hindi nawala ang raffle, pati na rin ang kakaibang Exchange of Gifts. Hindi rin natin malilimutan ang mensahe ni Bro. Boy Jadaone, at ang mensahe ng ating Kura Paroko, Fr. Michael Israel Ortega. Tunay ngang naramdaman ng bawat isa si Kristo sa ating kapwa.




## Pad'z Point:



# Banal na Eukaristiya - Pag-asa ng Katolikong Kristiyanong Pamilya Sa Taon ng Awa at Habag

**REV. FR. MICHAEL ISRAEL T. ORTEGA**

Ngayong 2016, tatlo ang tema na idineklara ng ating Inang Simbahan upang pagnilayan natin ang biyaya ng pag-ibig ng Diyos sa ating kasalukuyang buhay. Mula sa Catholic Bishops Conference of the Philippines, dalawang tema ang iminungkahi para sa ating mga Pilipinong Katoliko Kristiyano: Taon ng Pamilya at Taon ng Eukaristiya. Mula sa bibig ng ating pinakamamahal na Santo Papa Francisco, ang Taon ng Awa at Habag ang kanyang iminungkahi para sa ating lahat. Iminungkahi ng CBCP ang Taon Para Sa Mga Pamilya itong taong 2016 upang pagnilayan natin ang kahalagahan ng pamilya bilang batayan ng simbahan o *domestic church* na buong loob na inaalagaan ng ating Inang Simbahan sa kabila ng mga kasamaan na sumisira nito - contraception, paghihiwalay o divorce, marital infidelity, cohabitation (live-in partnership), fornication (pre-marital sex), abortion, at homosexual unions (kasama dito na isinusulong ng samahan ng mga Lesbian, Bisexual, Gay, and Transsexual o LBGT). Iminungkahi rin ng CBCP ang Taon Para sa Banal na Eukaristiya dahil layunin ng ating Inang Simbahan na hindi lamang natin pagnilayan bagkus isabuhay ang mga alintuntunin, aral, at diwa ng isinagawang 51st International Eucharistic Congress sa Cebu City noong Enero 24-31, 2016. Higit sa lahat, iminungkahi ni Papa Francisco itong taong 2016 bilang Taon Ng Awa at Habag upang mas lalo nating maunawaan at tanggapin ang lalim at laki ng dakilang awa ng Diyos para sa ating mga makasalanan - na ipinapahiwatig na mas hinahangad ng Diyos Ama na patawarin tayong lahat kung tayo'y lalapit at hihingi ng kapatawaran sa Kanya kaysa parusahan tayo sa mga nagawa nating mga sala. Subalit, ang tanong: sa paanong paraan natin ipagkakaisa ang tatlong tema na iyan upang maging isa?

Pagkatapos ng taimtim na pagninilay, napagtanto ko na isang salita ang magbubuklod sa tatlong tema nito: Eukaristiya! Sa pagtanggap ng Banal na Eukaristiya tuwing Linggo bilang isang pamilya, mas lalong tumitibay ang pagkakaisa ng pamilya dahil si Hesukristo na tinanggap nila ay Siyang nagbubuklod sa bawat kasapi ng pamilya sa isa't isa. Sa pagtanggap ng Banal na Eukaristiya tuwing Linggo, nararanasan natin ang awa at habag ng Diyos Ama na nagsasabing: "Kahit ilang ulit kang madapa sa pagkakasala mo, ilang ulit din kitang patatawarin sa mga kasalanan mo basta laging kang magsisisi at hihingi ng kapatawaran mula sa akin." At sa pagtanggap ng Banal na Eukaristiya tuwing Linggo, tayo'y nagiging Hesukristo (at dapat lang maging Hesukristo) sa iba dahil tayo at si Hesukristo ay nagiging isa. Tuwing tumatanggap tayo ng Banal na Eukaristiya sa Banal na Komunyon, nagiging bahagi ng buhay natin si Hesukristo at tayo'y nagiging bahagi ng buhay ng ating Poong Manunubos. Kaya, kailangang makita sa ating pagkatao si Hesukristo na nagpapatawad, nagmamalasakit, at nagmamahal sa kapwa kahit sino pa man siya.

Kaya, sa taong ito, tayo'y laging magsimba upang tumanggap ng Banal na Komunyon Linggo-linggo upang makilala si Kristo na nagmamahal at nagpapatawad sa ating pagkatao ng iba, at ating akayin ang ating mga pamilya sa pagsisimba upang makilala at tanggapin si Hesukristo na lubos na nagmamahal sa ating lahat.

## FEATURES by Mina Anore

# FAMILY & LIFE MINISTRY



***Seek to embody the healing love of Christ by affirming, equipping and supporting families of birth and families of choice to live in a healthy resilient relationship.***

Family & Life Ministry (FLM) of San Guillermo Parish is composed of organizations such as Couples for Christ, Christian Family Movement, Foundation for Family & Life and Knights of Columbus that focus on the discipleship of each member of the family which meet their unique emotion, physical relationship and spiritual growth needs. It aims to move towards a life of faith together in their marriage, family life, and their witnesses in the Church and community. Family and Life Ministry is designed to build marriage and families towards God and the definition in His word and life-giving relationship with Jesus Christ for the glory of God. FLM aims to affirm the Spirituality of Family Life and the richness of the way in which Family reconciles the demand of living faithfully in the community.

The primary duty of FLM members is to encourage all individuals to play the role of making their respective communities a better place to live in & establishment of healthy families in the following manners: - Nurturing Attachment; - Knowledge & Parenting Child Youth Development; - Parental Resilience; - Social Connection; - Concrete Support to Family.

## OFFICERS:

**Coordinator: Bong & Nene Aleligay**
**Vice-Coordinator: Moises & Lerma Perpenia**
**Secretary: Jules & Doris Salengua**
**Treasurer: Chito & Cris Angeo**
**Members: Jun & Melda Baluya**
**Jun Naluz**

# PERSONALITY IN FOCUS by: Mary Ann Ochoa



Bro. Onyk and Sis. Anne will be our delegates to the 31st WYD in Poland.

## BACK-TO-BACK ANNE SANTOS AND ONICK LAO: WORD YOUTH DAY 2016, KRAKOW, POLAND

With the selection of Anne and Onick as youth representatives to the famous and much-awaited World Youth Day 2016 celebration with Pope Francis in Krakow, Poland, these two benevolent young workers of San Guillermo Parish have started scratching the grounds in search of the much-needed financial assistance to bankroll their travel this coming July. Firmly believing in the one-liner "The Lord Will Provide", the two have, nonetheless, not relaxed and simply await the fall of "manna from heaven". Working hard they are, and you cannot imagine how these two are doing it, alongside with their respective daytime work responsibilities. They are not leaving any stone unturned!

Anne is the youngest in the brood of four of the couple Connie and the late Jun Santos. Anne is her Dad's baby: the pampered, the well-loved and carefully-guarded one who started Church work in high school as Lector to fulfill a school requirement in Parish Involvement. Perhaps growing up in the world her Dad was pretty much involved in, Anne has imbibed the "closeness to the Lord" feeling, and today she spends her time outside of being a Grade 6 English Teacher at Pasig Catholic College, dabbling as Coordinator for Lectors and Commentators Ministry, Diocesan Liaison to the Media and Public Affairs Ministry, and being Secretary to the Parish Pastoral Council.



These, she is doing simultaneously after a 2-year hiatus soon after her Dad passed away when a sense of being afloat and grief overtook her. She is filling up the lost time with her feverish desire to help fulfill the dreams of making San Guillermo Parish Church THE ultimate Church for the parishioners.

Onick became an Altar Server at the age of eleven, but started being a "child" Chiro at the age of 5, as Sun Guard. Frequently seen playing inside the Church premises, Onick was prevailed upon by Fr. Lino Jose to join the Ministry of Altar Servers where he became its Coordinator for a time. He is presently Coordinator of the Parish Youth Ministry and believes that he is destined to be a Missionary in the near future. Onick is second to the youngest in a brood of five. He and his siblings were raised by their parents Lenila and Arquelao into being Chiro children. All of his siblings were/are into Chiro Youth Movement, and Onick grew into the Chiro world and has been an ASPI Leader since July 2014 until today. His diocesan work includes being Secretary to the Vicariate Youth of the Immaculate Conception regularly volunteering in all activities of the Diocesan Youth Ministry. He has been employed in various food service companies having completed a degree in Hotel Restaurant Services, and is presently working as Parish Secretary at the St. Ignatius de Loyola in Taguig City.



Both Anne and Onick dream of seeing a much-improved parish with all ministry members fully committed to perform their respective tasks unceasingly, not as "seasonal" workers, but completely and heartily desiring to truly serve the Lord. They want to see improvement in the discharge of responsibilities and formation of all church workers, and most of all, getting into a comprehensive survey of the parish's families for us to arrive at socio-economic programs most suited for everyone. They believe in "teaching families how to fish" rather than "feeding them fish" all the time.

Aren't those dreams worth working for? Onick and Anne are two of the best we have in the Parish. Let us all pray for their successful travel to Poland and help them achieve their goal of raising the monies needed for the trip. After all, they truly are deserving!

*The above having been said, it is also appropriate to cite, lest there be disappointments on the part of the benefactors, what their expectations are out of the trip which they will help support. In broad terms, the objectives of The World Youth Day 2016 are to be explained; and specifically what will be the individual objectives of Anne and Onick in relation to their relevance or usefulness to SGP. These shall then be the yardstick of achievement when they return from the trip after it has come to realization.*

**OUR PARISH**

**REV. FR. MICHAEL ORTEGA**
**Parish Priest**

**SCHEDULE OF MASSES:**
**-SAN GUILLERM O PARISH**
**DAILY MASS (TAGALOG):**
Mondays-6:00AM / Tuesdays-6:00PM
Wednesdays-6:00AM & 6:00PM
Thursdays-6:00PM
Fridays-6:00AM & 6:00PM
Saturdays-6:00AM &
6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-C H A P E L S-**
**(1) San Joaquin Chapel**
Sundays - 7:30AM and 6:00 PM
**(2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
Saturdays (English) - 8:00PM
Sundays (English) - 10:15AM
**(3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays - 4:30 PM
**(4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month - 10:30AM

**-S E R V I C E S-**
**Confession**
Tuesday to Saturday - 5:00 to 6:00PM
(or by appointment)
**Baptism** - Sunday - 11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call** - anytime
**Blessing** - by appointment
**Funeral Mass** - by appointment

**-DEVOTIONS & NOVENAS-**
Monday - Holy Trinity - 5:00PM
Tuesday - San Lorenzo Ruiz & St. Joseph - 5:00PM
Wednesday - Our Lady of Perpetual Help - 5:00PM
Thursday - Ina Poon Bato - 10:00AM & San Guillermo de Maleval - 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month - 5:00PM
Saturday - Memorial of the Blessed Virgin Mary - 6:00AM
Rosa Mystica - every 13th day of the month

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00AM to 5:00PM


103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Tel No. (02) 642-8051
Fax No. (02) 642-8051
www.facebook.com/sanguillermopasig
sanguillermoparish1993@gmail.com



Tinig OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF**
Mina Anore, Mary Ann Ochoa, Rowell Anne Santos, Joezel Polintan, Junie Gulle, Renz Pefenia, Kyrie Lababo, Marck Sumulong, Camille Fe Sta. Ana Piel Arcilla, Moses Importa Arch Guevarra

**ADVISER**
Boy Jadaone
Rev. Fr. Michael T. Ortega

**PRINTER**
R.O. Santos

Send your comments, suggestions & feedback/story, photograph & artwork contributions to TINIG @ to sanguillermoparish1993@gmail.com



Tinig OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH


## MUNTING KATESISMO

by: Joezel Polintan

# "BUKAL AT RUROK NG BUONG BUHAY CRISTIANO" (CF. LG 11; CCC 1324)

Not so long ago that I heard Dr. Love on the radio talking about the Eucharist. Ang sabi niya "Kung alam lang natin ang sakramento ng Misa, hindi natin gugustuhing matapos ang Misa". Napaisip ako dahil totoo, hindi natin gugustuhing matapos ang Misa kung naniniwala tayong sa misa kasama natin ang Panginoon. Kulang ang isang araw sa pakikipagkwentuhan natin sa ating mga kaibigan, kaya kung dadamahin nating mabuti ang presensiya ng ating Panginoon kulang din ang isang araw para makipag-kwentuhan sa Kanya. Sa Eukaristiya, tinatangap natin ang Diyos, sa Eukaristiya nagkakaroon tayo ng pagkakataong magpasalamat sa lahat ng biyayang natatanggap natin mula sa kanya. tinatawag din "Thanksgiving" ang misa, kung saan tayo ay nagpapasalamat sa mga biyaya at tayo naman ay nagkakaroon din ng pagkakataon na makapagbigay. Ang Eukaristiya ay tinatag ni Hesus noong Huling Hapunan, noong panahon na hinati Niya ang tinapay at ibinigay sa mga alagad, at pagtapos naman ibinahagi ang alak sa kanila. Ito ay ating sinasariwa sa Misa. Ito ang bukal at rurok ng buong buhay nating mga kristiyano.— Bukal - "Source", ito ang source natin, parang source of income sa trabaho, ito ang source of energy ng ating kaluluwa, pagkain na magpapalakas at magbibigay sa atin ng rurok o - "Summit" ng kasiyahan sa ating buhay kristiyano. If only we truly and firmly believe that Jesus is present in the Eucharist, we can learn to appreciate and love it more. Sabi nga ni Archbishop Palma noong nakaraang IEC sa Cebu, that everytime we celebrate the Eucharist, God himself speaks to His people. Tayo ay makinig ng mabuti, buksan ang puso at papasukin natin ang Diyos tuwing tayo ay nagsisimba at tunay ngang maririnig natin ang Diyos na nangungusap na tulad ng isang kaibigan na nakikipagkwentuhan sa atin.




# SACERDOTAL ANNIVERSARY





Noong ika-3 ng Disyembre, taong 2015, ipinagdiwang ng buong parokya ng San Guillermo ang ikatlong anibersaryo ni Rev. Fr. Michael Israel Ortega sa pagkapari. Sinimulan ito sa marangal na pagdiriwang ng misa sa ganap na ika-6 ng gabi, na sinundan naman ng isang maikling patimpalak sa SGP Formation Center. Ang naging tema ng pagtitipon ay "White Party", na kung saan ang lahat ng dumalo ay inanyayahang magsuot ng puting damit. Puti rin ang kulay ng mga lobo at ng dekorasyon na sumisimbolo sa "purity". Nagperform ng intermission numbers ang Mother Butler Guild, at ang ilang miyembro ng Worship Ministry. Bago matapos ang programa na pinangunahan ng Media & Public Afairs Ministry, ang lahat ng dumalo ay nag-alay ng isang dasal habang sinisindihan ang mga kandila sa saliw ng awit na "Paring Pilipino."

By: Rowell Anne Santos